# MAIPAGMAMALAKING INAGLAHI

*by:*
**Christian E. Canta**
*Teacher II, Bonifacio Camacho National High School*

Pilit inihahalintulad sa paglukot ng mga buhok ang katuwiran ng isang indibidwal. Itinuturing na madilim ang kinabukasan ng mga taong taglay ang maitim na balat. Tinitingnan sila ng lipunan bilang mga mangmang at walang kakayahan maliban sa pagbubungkal ng lupa.

Hindi abot sa bundok ang edukasyon ngunit kaya nilang baybayin pababa marating lamang ito.

Sa paglakad ng mga taon, sa ilang siglong pagiging anino ng mga Aeta, tumanggap din sila ng pagkilala. Taong 2017, si Norman King, isang katutubo ang kauna-unahang nakapagtapos sa University of the Philippines-Manila. Naitaguyod niya ang ilang taong pag-aaral at nakamit ang Bachelor of Arts degree in Behavioral Science. Sinalubong niya ang entablado suot ang tradisyonal na bahag at tinanggap ang diplomang tanda hindi lamang ng kaniyang tagumpay, kung hindi ng buong tribo ng mga Aeta. Itinanim niya sa kasaysayan ang pagkilala sa mga katulad niya at inani ang respeto ng nakararami.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Mahirap magbungkal ng lupa subalit darating din ang pag-aani.

Hindi naging madali kay Norman King ang pagtapak sa unibersidad lalo na at bitbit ang hindi patas na pagtingin ng lipunan sa mga katutubo. Gayon pa man, ginawa niya itong inspirasyon upang makamit ang mithiin ng kanilang tribo. Aniya, "ang una kong gagawin, mag-focus ako to help ‘yung community ko. Maybe gagawa ng isang book about history ng mga Aeta kasi wala mang documented”. Nakalulungkot ang

katotohanang iyon ngunit unti-unti ay nabibigyan na ng pag-asa ang ating mga katutubo dahil sa katulad ni Norman na 'di isunuko sa kahirapan at diskriminasyon ang kapalaran.

Hindi habang buhay na mananahan sa liblib ang kahusayan ng ating pinagmulan.

Kung gaano kalakas ang pagwasiwas ng hangin sa mga puno sa bundok, gayon din ang pagtaboy at pagkalimot natin sa ating mga ninuno. Silang mga lubos na may kaalaman at kakayahan ay ating tiningnan nang walang paggalang at pagkilala. Isang paggising sa atin ang karangalang nakamit ni Norman King, isa itong paalala na lahat tayo ay may karunungan at marapat na ibigay ang ating panggalang sa tribong Aeta. Higit dapat silang makatanggap ng suporta at edukasyon mula sa gobyerno.

Wala sa pagkakakulot ng buhok ang pamantayan sa kung gaano ba katuwid ang isang indibidwal. Wala sa tingkad o pusyaw ng kulay ng balat ang liwanag at dilim ng kinabukasang sakanila'y naghihintay. At lalong hindi tayo ang huhusga sa kakayahan ng isang taong sa iba nagmula.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Libre ang edukasyon kaya't malaya ang sinuman na makamtam ito. Sila ang tumatawid sa ilog, bumabaybay pababa ng bundok, at bumubungkal ng lupa, sino tayo para pumili ng aanihin nila?

*References:*

https://www.scribd.com/document/608211557/KALIDAD-NA-EDUKASYON-PARA-SA-MGA-KATUTUBO